#2

Ako si Gus Gastos at may Halimaw sa Aking Silid!



Oishi
Peso-Smart Kids Series

Isinulat ni May Tobias Papa
Iginuhit ni Beth Parrocha Doctolero




Ako si Gus Gastos at may Halimaw sa Aking Silid!

Isinulat ni May Tobias Papa

Iginuhit ni Beth Parrocha Doctolero

Di sinasadya, nakalikha yata ako ng isang halimaw.
Nasa silid ko ITO, at nakakalat ITO roon.






Sa totoo lang, kasalanan ko.
Mahilig kasi akong basta-basta bumili ng kung anu-ano.
Kaya -- di pinaplano, di ginagamit at napagsawaan na, ang mga gamit sa silid ko ay naipon.


















Susunod, nalaman ko na lang -- mayroon nang halimaw!



Sagot nito ay isang galit na KRASH at BLAG pag di ko sinasadyang naaapakan ITO.
Kahit iwasan ko ITO, mahirap -- kasi nakakalat ITO sa sahig.



Mahilig din ITO umupo sa aking silya.
Nagpapatong pa ITO ng paa sa aking mesa.



TUWING gabi, dalawang oras akong nakikipagbakbakan sa halimaw na ITO,
para makahiga ako sa aking kama.



Sa umaga naman, ITO ang humaharang sa sikat ng araw sa aking bintana.
Di ko na malaman ang araw mula sa gabi.
Nasasabi ko lang ang oras tuwing tutunog ang alarm dahil ---

Tick-tock




MR MAGICIAN
RRRRRRRRRRRRRRIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIINNNNNNNNNNNNNNNNNNNNNNNGGGGG

KINAIN NG HALIMAW ANG ORASAN!



GGGGGGGG!!!



Kinain din nito ang swimming goggles ko. Isang linggo ko itong hinanap, pero di ko mahanap.
Kaya ibinili ako ng bagong pares ni Mommy. Hindi siya natuwa.
(Nakarinig tuloy ako ng sermon mula sa kanya.)

Sawa na ako, sabi ni Mommy. Gawan ko na raw ng paraan upang mawala ANG HALIMAW.



Kaya ang nangyari, pag-uwi ko galing paaralan, wala akong ginawa sa susunod na limang araw kungdi asikasuhin ang Halimaw.
Una, sinubukan ko itong ipasok sa loob ng kabinet, ngunit napakalaki nito.
Kahit gaano ko ito itulak, hatawin at isiksik.






Naisip kong kailangan ko ng
mas matinding solusyon.

Gamit ang aking mga armas, sinimulan ko itong kalasin.
Una, tinanggal ko ang ulo nito. Binali ang mga kamay at paa. Biniyak ang katawan.



PLINK!





Tapos ay isinupot ko ang mga pira-piraso.





Tinulungan ako ni Mommy
para tuluyan nang mawala ITO.




Malaki ang aming kinita.



Masaya palang walang halimaw sa silid. At yung alam mo kung nasaan ang mga bagay-bagay.

Solo ko na ulit ang aking silid.
Nakakaupo na ako sa aking silya at nakakapag-aral na ako sa aking mesa, gaya ng dati.
Nakakahiga ako sa aking kama kailan ko man gusto, at sa umaga'y gumigising akong binabati ng liwanag ng araw na sumisilip sa mga kurtina.




tick-tock!

Ngunit may mga araw rin na nararamdaman kong bumabalik ang Halimaw,
sumisilip sa aking balikat.

Kapag nangyayari iyon, isinasauli ko ang bagay
na gusto kong bilhin at pinag-iisipan ko muna.

O hindi ko na lang bibilhin.



Kailangan akong mag-ingat.



Ayokong lumikha ulit ng halimaw.

Copyright@2010
by Liwayway Marketing Corporation, May Tobias Papa, and Beth Parrocha Doctolero

All rights reserved. No part of this book may be reproduced in any form
without the written permission from the copyright owners.


Printed in the Philippines
Published by
Liwayway Marketing Corporation
2225 Tolentino St., Pasay City, Philippines 1300
email: feedback@oishi.com.ph
URL: www.oishi.com.ph

Story by May Tobias Papa (storygirl@hotmail.com)
Illustrations by Beth Parrocha Doctolero
(www.bethparrocha.com)

ISBN 978 - 971 - 94553 - 1 - 8

Visit www.oishipesosmart.com.

Our partners:
Milflores de Boracay (www.milflores.net)
Sheer Joy Art (www.sheerjoyart.com)



Oishi®
PESO-SMART KIDS
Series

Nakakita na ba kayo ng halimaw?
Ano ang gagawin mo 'pag sinimulan nitong angkinin
ang iyong kabinet, kama, silid -- at buhay?

Minsan ay bumibili tayo ng gamit nang di gaano pinag-iisipan.
Kaya nagugulat na lang tayo na napakarami na pala ng ating kasangkapan,
higit sa ating pangangailangan.

Sa isang kilalang pabula, nagpasarap ang tipaklong sa tag-araw
habang nagsumikap mag-ipon ng pagkain ang langgam.
Pagdating ng tag-ulan, nakahanda na ang langgam
habang halos mamatay sa gutom ang tipaklong.

Itinatanghal ng Oishi ang Peso Smart Kids Series --
isang serye ng mga aklat ukol sa edukasyong-pinansyal para sa mga bata.
Ang inspirasyon nito ay ang matiyaga at matalinong langgam.

Hanapin din ang:
"Minsan Akong Naging Mayaman" --
ang unang aklat sa Oishi Peso Smart Kids Series.

Abangan ang susunod pang mga aklat!
www.oishipesosmart.com

9 789719 455318